**Estratehikong Plano ng Kagawaran ng Katarungan ng Estados Unidos sa mga Piskal na Taong 2022 – 2026: Sadya, Estratehikong mga Layunin, at Estratehikong mga Tunguhin**

## Mensahe mula sa Abogado Heneral

Malawak ang saklaw ng mga kapanagutan ng Kagawaran ng Katarungan. Araw-araw, nagsasagawa kami upang ayunan ang tuntunin ng batas; upang panatilihing ligtas ang ating bansa mula sa lahat ng mga banta, banyaga at panarili; at upang ipagtanggol ang mga karapatang-sibil.

Ang sumusunod ay isang plano na nag-aayos ng malawak na hanay ng mga kapanagutan ng Kagawaran ng Katarungan, na pinagsama sa limang estratehikong mga layunin na magpapatnubay ng ating mga gawain sa loob ng mga susunod na apat na taon.

I. Ayunan ang Tuntuning Batas

II. Panatilihing Ligtas ang Ating Bansa

III. Ipagtanggol ang mga Karapatang-Sibil

IV. Tiyakin ang Pagkakataong Pang-ekonomiya at Pagkamakatarungan para sa Lahat

V. Mangasiwa ng Makatwirang mga Panuntunan ng Hukuman at Pagwawasto

Kabilang din sa planong ito ang mga tunguhin at mga estratehiko na sisikapin ng Kagawaran na ipasulong ang bawat isa sa limang nananaig na mga layuning ito, gayoon din ang mga palatandaan ng katuparan upang sukatin ang ating pagsulong. Pinagsama-sama, nagkakaloob ang estratehikong plano na ito ng isang masaklaw na paraan upang patnubayan ang mga gawain ng bawat isang bahagi ngKagawaran ng Katarungan, at tiyakin na patuloy tayong tumutupad ng ating mga kapanagutan sa mga Amerikano.

Sa loob ng apat na taon ng aking panungkulan dito sa Kagawaran ng Katarungan, nagkaroon ako ng pribilehiyo na maglingkod sa kapwa pampirmihan at pansamantalang mga tungkulin, at nagsagawa kasama ng mga abogado, mga ahente, at tauhan sa bawat bahagi at sa ibayo ng lapad at abot ng bansang ito. Nakaranas ako – at patuloy na nakakaranas – ng kasiglahan sa pag-tatalaga at katapatan kung saan ang mga propesyonal sa Kagawaran na ito ay nagtatrabaho araw-araw, upang tuparin ang sadya nito.

Kakailanganin sa pagtamo nitong mga layunin ang masigasig na pagsasagawa at pagsisikap, subalit lubos na buong-loob akong nananalig sa ating kakayahang tuparin ito nang nagtutulungan.

Merrick B. Garland

Abogado Heneral ng Estados Unidos

**Mensahe mula sa Kinatawang Abogado Heneral**

Mula ng itinatag ito noong 1870, nagpatuloy ang Kagawaran ng Katarungan nang isang marangal na sadya. Nagsikap itong panatilihing ligtas ang madla; ayunan ang tuntunin ng batas; at gawain ang pagkamakatarungan, kapantayan, at walang pagkiling, bilang mga tatak ng kadalisyanan ng panuntunan ng katarungan sa Amerika.

Ngayon, patuloy ang higit sa 115,000 tauhan na nagtatrabaho sa Kagawaran ng Katarungan na isakatuparan ang mga hangaring iyon. Pinangangalagaan nila ang pambansang seguridad, kapwa pisikal at digital. Pinapanatili nila na malaya ang ating mga pangangalakal at makatarungan ang ating mga halalan. Pinangangalagaan nila ang mga Amerikano mula sa malawak na saklaw ng mga banta at mga panganib mula sa  organisadong krimen hanggang sa kontaminadong pagkain; mula sa nadumihang simoy ng hangin hanggang sa drogang pinagbabawal ng batas; mula sa mga krimen ng kasuklaman hanggang sa pandarayang pananalapi. Ipinagtatanggol nila ang mga inaapi, naghahangad ng katarungan para sa mga biktima, at nagkakaloob ng landas para sa mga nahatulan upang bayaran ang kanilang utang sa lipunan. Pinangangalagaan nila ang makabagong pananaliksik upang tulungang pabutihin ang panuntunan ng katarungan saanman, at inaalalayan nila ang mga estado, lokal, Tribo, at teritoryong mga kasosyo habang ipinapatupad nila ang mga pinakamahusay na gawi. Sa lahat ng ito, ang layunin namin ay tiyakin ang magkakapantay na katarungan para sa lahat, at maaabot ng lahat ang katarungan.

Ginagawa nila ang lahat na ito mula sa mga kinaroroonan ng Kagawaran ng Katarungan sa bawat estado at teritoryo, sa maliliit na mga bayan at mga malalaking lungsod, sa magkabilaang baybayin, at kahit saang pagitan. Naglilingkod sila sa ibang bansa sa higit na limampung mga bansa. At kahit na malawak ang naaabot ng Kagawaran, nangyayaring hindi napapansin ng madla ang pinakamarami sa gawain ng mga empleyado nito. Habang pinapansin nila ang sadya at nagpapatuloy ng kanilang pagsasagawa, hindi nakakalimutan ng mga empleyado ng Kagawaran kung ano ang pangunahing dahilan sa pagdala sa kanila sa Kagawaran: ang pagkakataong makibaka para sa katarungan; maging isang lakas para sa anuman ang tama; at upang makagawa ng makabuluhang pagkakaiba sa buhay ng lahat na tinatawag na tahanan ang ating bansa. Ang gawain ng Kagawaran ay nagagawang pinaka-nakikita, at pinaka-nahahawakan, , hindi lang sa bungad pahina ng pahayagan, kundi sa mga hindi mabibilang na buhay na nakipagdamayan at napabuti nito.

Nais naming magsagawa nang kasing bisa na aming makakaya, kung kaya naman itinatakda namin, ngayong araw, ang plano na ito.  Ang plano ay nagbibigay sa amin ng pagkakataon na maipahayag ang aming mga hangarin para sa Kagawaran, kasama ng aming mga pamamaraan upang matamo ang mga ito. Subalit pagkakataon din ito upang isikat namin ang isang di-pangkaraniwang pansin ng madla kung gaano ang kakayahan ng di-matutularang manggagawa ng Kagawaran — na nagsasagawa sa bawat antas, sa buong daigdig — na maaaring makamit para sa mga Amerikano.

Huwag kayong magkakamali: hindi madaling matupad ang mga layuning itinakda sa plano na ito. Subalit kaya naming matupad ang mga ito na may katiyakan dahil, araw-araw, nakatalaga ang mga empleyado ng Kagawaran sa sadya ng Kagawaran, at inuukol ang kanilang walang hanggang mga kakayahan upang maglingkod para sa mga nangangailangan sa amin nang lubos. Nananalig ako na ang kanilang pagkatalaga ng sarili, kahusayan, at katiyagaan ay nagpapahiwatig na handa ang Kagawaran na ipatupad ang plano na ito. Nagpapasalamat ako sa mga ginagawa araw-araw ng mga empleyado ng Kagawaran sa paglilingkod sa aming sadya.

Lisa O. Monaco

Kinatawang Abogado Heneral ng Estados Unidos

## Mensahe mula sa Kaugnay na Abogado Heneral

Kaisa-isang sangay ang Kagawaran ng Katarungan sa ating pamahalaang pederal na nagtataglay ng pangalan ng isang halaga. Sa kabutihan ng pangalan na iyon — ang halaga ng katarungan — alam naming nagdadala ang Kagawaran ng isang natatanging tungkulin at kapanagutan. Ipinagtatanggol ng Kagawaran and Katarungan ang tatlong napakamahalagang mga batayan ng demokrasya ng ating bansa: ang tuntunin ng batas, kaligtasan ng madla, at kapantayan at katarungan para sa lahat. Sa pamamagitan ng Estratehikong Plano na ito, binabalangkas namin ang mga tunguhan ng Kagawaran upang tuparin ang mga punong sadyang ito.

Pinagtatanggol namin ang pambansang seguridad, kabilang ang paglaban sa pagtaas ng  may kinikilingan na karahasan sa ekstremista. Tinataguyod namin ang kaligtasan ng madla at nagtatatag kami ng tiwala sa pagitan ng mga komunidad at tagapagtupad ng batas, sa pamamagitan ng pamumuhunan ng pagpupulis sa komunidad at mga ibang pinakamahusay na mga pagsasanay ng pagpapatupad ng batas, at, kung saan nangyayari ang paglabag sa saligang-batas, panindigan ang kapanagutan ng mga departamento at mga pulis. Nag-aalay kami ng taguyod sa mga biktima ng krimen, kabilang ang mga kabataan, matatanda, at mga nakaranas ng karahasan sa tahanan, at karahasan sa kasarian, at tumutulong na tiyaking makakamit sila ng kinakailangang tulong at paggalang na nararapat sa kanila.

Masigla naming sinasanggalang ang  makatarungang  mga halalan at ang karapatang bumoto, at tinitiyak namin na maaaring mabuhay ang mga tao na malaya sa pagsasamantala, pagtatangi, at karahasan, kahit anuman ang kanilang lahi o pinagmulan, kanilang relihiyon, kanilang kapansanan, kanilang kasarian, o kanilang pagkilala ng sarili, o sino ang kanilang minamahal. At nagsasagawa kami upang palaguin ang pantay na pag-abot sa katarungan upang maaaring mapatunayan ng mga tao ang kanilang mga karapatan at para mapakinabangan nila ang mga pangangalaga at kapakanan na pinagkakaloob ng ating mga batas, kahit anuman ang lahi o pang-ekonomiyang katayuan.

Nakatalaga din ang Kagawaran na magkaloob ng mga makahulugang pagkakataon ng muling pagpasok at palawakin ang pag-abot sa medikal na tulong sa paggamot sa loob ng mga bilangguan at sa kinaroroonan ng muling pagpasok. Maaari kaming tumulong sa pagligtas ng mga buhay, pabutihin ang kalusugan ng madla, pangalagaan ang kaligtasan ng madla, at tiyaking ang mga tao ay may mga kasangkapan na kanilang kailangan upang matagumpay na muling makasama sa lipunan.

Tinataguyod namin ang kalayaan sa ekonomiya at pagkakataon at pangalagaan ang mga mamimili, mga manggagawa, mga magsasaka, at iba pa, sa pamamagitan ng pagtiyak ng patas na paligsahan at pagpigil ng pag-abuso ng kapangyarihan sa pangagalakal. Ididiin namin ang mga nangangalakal at mga indibidwal na gumagawa nito, na panagutan ang maling pag-uugali sa pangangalakal, at titiyaking ligtas sa pagsayang at pandaraya ng mga pera ng mamumuwisan.

Sa katapusan, aalagaan namin ang mga gamit-yaman ng daigdig natin para sa mga angkang susunod, sa pamamagitan ng pagtukoy sa maraming bahagi ng kagipitan ng klima. At hahangarin namin na itaguyod ang katarungan ng kapaligiran upang tiyakin na hindi mapapataw ang mga pinsala sa kalusugan at kapaligiran sa mga komunidad na nahihirapan na, tinataboy, at kinakapos sa panustos.

Nagtatakda ang Estratehikong Plano na ito ng mapaghangad na programa para sa Kagawaran, na tutuparin namin sa pamamagitan ng pakikipagtulungan at pagpapabatid sa mga iba't-ibang komunidad na pinaglilingkuran namin. Inaayunan nitong pagsasagawang ito ang Saligang Batas at tuntunin ng batas, at pinatutunayan ang mga mithiin ng kapantayan, katarungan, at pagkamakatarungan na tumutukoy sa bansang ito.

Vanita Gupta

Kaugnay na Abogado Heneral ng Estados Unidos

# Sadya

Ang sadya ang Kagawaran ng Katarungan (DOJ) ay itaguyod ang tuntunin ng batas, panatilihing ligtas ang ating bansa, at pangalagaan ang mga karapatang sibil.

# Mga Halaga

- **Walang Pinapanigan at Walang Kinikilingan.** Nagsasagawa araw-araw ang Kagawaran ng Katarungan upang makamit ang tiwala ng madla sa pamamagitan ng pagsunod sa mga katunayan at sa batas, saanman sila magtungo, na walang pagkiling o di-wastong panghikayat.
- **Katapatan at Karangalan.** Pinapanindigan ng mga empleyado ng Kagawaran ng Katarungan ang pinakamataas na mga pamantayan ng kagandahang-asal, tinatandaan na, bilang mga tagapaglingkod sa madla, na dapat kaming magsagawa upang makamit ang tiwala ng, at pasiglahin ang pagtitiwala ng, madlang pinaglilingkuran namin.
- **Paggalang.** Minamahalaga ng mga empleyado ng Kagawaran ng Katarungan ang mga pagkaiba-iba ng mga tao at sa pag-iisip, at tinatrato ang lahat nang pagkamakatarungan, pagkamarangal, at pagkahabag.
- **Kahusayan.** Nagsasagawa araw-araw ang Kagawaran ng Katarungan na magkaloob ng pinakamataas na mga antas ng paglilingkod sa mga Amerikano, at maging isang mapagkakatiwalaang tagapangasiwa ng mga pera ng mga mamumuwisan.

# Pagkaayos

Sa ilalim ng pamumuno ng Abogado Heneral ng Estados Unidos, binubuo ang Kagawaran ng Katarungan ng apat na pung sangkap na magkakahiwalay na mga samahan, at higit sa 115,000 na mga empleyado. Ang punong tanggapan ay nasa sa Robert F. Kennedy Building sa Washington, D.C. Namamalagi ang Kagawaran ng mga larangang tanggapan sa lahat ng mga estado at mga teritoryo sa ibayo ng Estados Unidos at sa higit na limampung mga bansa sa buong daigdig.

**Isang Sulyap sa Estratehikong Plano ng DOJ**

## *Layunin 1: Itaguyod ang Tuntunin ng Batas*

### 1.1 Ipagtanggol ang Ating mga Institusyong Demokratiko

*Pamamaraan 1: Muling Patibayin at Palakasin ang mga Patakarang Nababatay sa Alituntunin ng Batas*

*Pamamaraan 2: Ipagtanggol ang Kagawaran ng Katarungan mula sa Di-wastong Panghikayat*

*Pamamaraan 3: Ipagtanggol ang mga Tagapaglingkod sa Madla mula sa Karahasan at mga Banta ng Karahasan*

*Pamamaraan 4: Kupkupin ang Fisc ng Madla mula sa Pandaraya sa mga Programa ng Pamahalaan*

*Pamamaraan 5: Labanan ang Dayuhang Panghimasok sa mga Pamamalakad na Demokratiko*

*Pamamaraan 6: Tiyakin ang Mabisang Pangangasiwa at Kapanagutan sa Madla*

### 1.2 Itaguyod ang Mahusay na Pamahalaan

*Pamamaraan 1: Maabot ang Kahusayan ng Pamamahala ng Kagawaran sa Pamamagitan ng Kabaguhan*

*Pamamaraan 2: Alagaan ang Mataas na Gumaganap na Manggagawa na Nangangatawan ng Madlang Aming Pinaglilingkuran*

*Pamamaraan 3: Magpatupad sa Buong Kagawaran ng Makabagong Datos at Teknolohiya*

## *Layunin 2: Panatilihing Ligtas ang Ating Bansa*

### 2.1 Ipagtanggol ang Pambansang Seguridad

*Pamamaraan 1: Labanan ang Dayuhang Panghikayat na Makapaminsala*

*Pamamaraan 2: Tutulan ang Dayuhang Ispyonahe*

*Pamamaraan 3: Pigilin ang Pagnakaw ng mga Ari-ariang Teknolohiya at Pangkaisipan*

*Pamamaraan 4: Ipagtanggol ang mga Sensitibong mga Kaarian*

### 2.2 Tutulan ang Dayuhan at Lokal naTerorismo

*Pamamaraan 1: Hadlangan, Sirain, at Usigin ang mga Terorismong Banta*

*Pamamaraan 2: Patibayin ang mga Pakikipagsosyong Pederal, Estado, Lokal, Tribo, at Pandaigdig na laban sa terorismo*

### 2.3 Labanan ang Marahas na Krimen at Karahasan ng Sandata

*Pamamaraan 1: Asintahin ang mga Pinakamabigat na mga Problema sa Marahas na Krimen*

*Pamamaraan 2: Palakasin ang mga Pakikipagsosyo sa mga Tagapagpatupad ng Batas sa Pederal, Estado, Lokal at Tribo*

*Pamamaraan 3: Mamuhunan sa mga Programa na Nakabatay sa Komunidad upang Pigilin ang Karahasan*

### 2.4 Pahusayin and Seguridad sa Cyber at Labanan ang Krimen sa Cyber

*Pamamaraan 1: Hadlangan, Sirain, at Usigin ang mga Banta sa Cyber*

*Pamamaraan 2: Patibayin ang mga Pakikipagsosyo sa mga Bahagi na Pang-ahensya, Pampamahalaan, Pangdaigdigan, at Pampribado*

*Pamamaraan 3: Isanggalang ang mga Sistema ng Kagawaran ng Katarungan*

*Pamamaraan 4: Pahusayin ang Katatagan ng Cyber sa Labas ng Kagawaran*

**2.5 Labanan ang Trapiko ng Droga at Pigilin ang mga Namamatay sa Labis na Droga**

*Pamamaraan 1: Sirain at Kalasin ang mga Samahang Nagtatrapiko ng Droga*

*Pamamaraan 2: Bawasan ang Namamatay at Pagkasugapa na Tinutulak ng Krimen sa Droga*

*Pamamaraan 3: Palaguin ang Pag-abot Batay sa Katibayang Pagpipigil at Paggamot*

**2.6 Pangalagaan ang mga Komunidad na Mahina**

*Pamamaraan 1: Paunlarin at Pabutihin ang mga Programa para sa mga Biktima ng Krimen*

*Pamamaraan 2: Labanan ang Karahasang Batay sa Kasarian*

*Pamamaraan 3: Ipagtanggol ang mga Kabataan mula sa Krimen at Pagsasamantala*

*Pamamaraan 4: Labanan ang Pandaraya, Pag-abuso, at Pagsamantala sa mga Matatanda*

*Pamamaraan 5: Itaguyod ang Kaligtasan at Katarungan sa Bayan ng Indian*

*Pamamaraan 6: Ipagtanggol ang mga Komunidad mula sa mga Krimen ng Kasuklaman*

***Layunin 3: Ipagtanggol ang mga Karapatang Sibil***

**3.1 Ipagtanggol ang Karapatang Bumoto**

*Pamamaraan 1: Magpatupad ng mga Batas na Pederal na Nagtatanggol sa mga Karapatang Bumoto*

*Pamamaraan 2: Magsanggalang ng Makatarungan na mga Halalan*

*Pamamaraan 3: Dagdagan ang Pag-abot sa Balota ng mga Karapat-dapat na Botante*

**3.2 Labanan ang mga Krimen sa Pagtatangi at Kasuklaman**

*Pamamaraan 1: Magpatupad ng mga Pederal na Batas na Pagtutol sa Pagtatangi*

*Pamamaraan 2: Hadlangan at Usigin ang mga Krimen ng Kasuklaman*

*Pamamaraan 3: Pakinabangan ang mga Gamit-Yaman upang Pigilin ang Krimen ng Kasuklaman*

*Pamamaraan 4: Alalayan ang mga Kasosyo sa Estado at Lokal sa Pakikilaban sa Pagtatangi at Kasuklaman*

**3.3 Pabutihin at Patibayin ang mga Panuntunan ng Katarungan sa Salarin at Kabataan**

*Pamamaraan 1: Paunlarin ang Pagtitiwala sa Pagitan ng mga Komunidad at Tagapagpatupad ng Batas*

*Pamamaraan 2: Pabutihin ang Pagka-aninaw at Pagtutuos ng Tagapagpatupad ng Batas*

*Pamamaraan 3: Pabutihin ang mga Gawain sa Pagsakdal at Paghatol*

*Pamamaraan 4: Itaguyod ang Kabaguhan at Pagpapabuti sa Panuntunan ng Katarungan sa Salarin at Kabataan*

**3.4 Palawakin ang Pantay na Pag-abot sa Katarungan**

*Pamamaraan 1: Dagdagan ang Pagka-abot sa Panuntunan ng Katarungan*

*Pamamaraan 2: Pabilisin ang Kabaguhan ng Panuntunan ng Katarungan*

*Pamamaraan 3: Magsanggalang ng Pagtutuos sa Panuntunan ng Katarungan*

**3.5 Ipasulong ang Katarungan ng Kapaligiran at Harapin ang Kagipitan sa Klima**

*Pamamaraan 1: Magpatupad ng Puspos na Pamamaraan upang Ipasulong ang Katarungan ng Kapaligiran*

*Pamamaraan 2: Magpatupad ng Masaklaw na Pamamaraan upang Harapin ang Kagipitan sa Klima*

## *Layunin 4: Tiyakin ang Ekonomikong Pagkakataon at Pagkamakatarungan para sa Lahat*

**4.1 Muling Pasiglahin ang Pagpapatupad ng Salungat na Paligsahan at Pagtatanggol sa Mamimili**

*Pamamaraan 1: Siyasatin at Usigin ang mga Paglabag sa mga Batas sa Salungat na Paligsahan*

*Pamamaraan 2: Itaguyod ang mga Paligsahan sa Pangangalakal*

*Pamamaraan 3: Muling Pasiglahin ang Pagtanggol sa mga Mamimili*

**4.2 Labanan ang Katiwalian, Krimen sa Pananalapi, at Pandaraya**

*Pamamaraan 1: Hadlangan at Usigin ng Krimen sa Pangangalakal*

*Pamamaraan 2: Labanan ang Katiwalian sa Madla*

*Pamamaraan 3: Labanan ang Katiwalian sa Pangangalakal at Ipasulong ang mga Pandaigdigang Pagsisikap Laban sa Katiwalian*

## *Layunin 5: Magpangasiwa ng Makatwirang mga Panuntunan ng Hukuman at Pagwawasto*

**5.1 Magpangasiwa ng Makatarungan at Mahusay na Panuntunan ng Hukuman na Pang-Imigrasyon**

*Pamamaraan 1: Bawasan ang Natitipong mga Kaso ng Imigrasyon*

*Pamamaraan 2: Isulong ang Makatarungan, Walang Kiling, at Mahusay na Panuntunan ng Paghatol sa Imigrasyon*

*Pamamaraan 3: Pahusayin ang Pagtitiwala ng Madla sa mga Hukuman ng Imigrasyon*

**5.2 Panatilihing isang Ligtas at Mahabaging Panuntunan ng Bilangguan**

*Pamamaraan 1: Tiyakin ang Kalusugan, Kaligtasan, at Kapakanan ng mga Bilanggo at Manggagawa ng Pagwawasto*

*Pamamaraan 2: Ipatupad nang Lubusan ang Batas ng Unang Hakbang at Paluwagin ang mga Hadlang sa Matagumpay na Muling Pagpasok*

*Pamamaraan 3: Tiyakin ang Pagka-aninaw, Kapanagutan, at Kahusayan ng Pangangasiwa ng Lahat ng mga Pederal na Bilangguan at mga Pansamantalang Piitan*